# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 41

"13 Kayo ang asin ng lupa: nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao." (Mateo 5:13)

Ating ipagpapatuloy ang mensaheng ito upang pagaralan kung paano maging asin sa sanglibutan:

Nang sinabi ni Jesus, "49 Sapagka't bawa't isa'y aasnan sa pamamagitan ng apoy." (Marcos 9:49) Para maunawaan "sapagkat bawa't isa'y aasinan" ating babasahin ang utos sa Lumang Testamento kung paanong ialay ang handog sa Diyos: "13 At titimplahan mo ng asin ang lahat ng alay na iyong handog na harina, ni huwag mong titiising magkulang sa iyong handog na harina ng asin ng tipan ng iyong Dios: lahat ng alay mo'y ihahandog mong may asin."(Levitico 2:13) Narito sinasabi ni Jesus, "At titimplahan mo ng asin" tumutukoy the katuruam sa Lumang Testamento at sa Lumang tipan, sa lahat ng iyong mga handog na harina, kung.saan ang mga tao'y nagaalay ng mga handog, hindi lamang sa karne na handog, kundi sa handog na sinusunog na may asin; kung saan, ang mga Judio ay sinasabi ang sumusunod na maga bagay: ito ay isang sangayon na utos upang asinan ang lahat ng mga handog, bago sila pumunta sa dambana, gaya ng nasa Levitico 2:13, sa lahat ng iyong mga handog, ( sa lahat ng iyong gawain at serbisyo) dapat kang maghandog ng asin; "lahat ng alay mo'y ihahandog mong may asin." (bawat pagbati, saloobin, hilig, motibo, salita, layunin, gawa, desisyon, ministerio, at paglilingkod ay dapat batay sa Banal na Kasulatan upang luwalhatiin si Cristo sa paggamit sa katangian ng asin sa mga salita at mga gawa para dakilain si Cristo. Sa bawat pagsamba, bawat pagsamba ng pamilya, bawat pagsamba ng simbahan, bawat pananalanging pagpupulong, pageebanghelyo, paggawa ng disipolo, pag aaral ng Bibliya, pagtulong, pagpapayo, dapat may lasa ng asin sa lahat ng pangyayaring ito.

At walang dinala sa dambana ng walang asin; maliban sa inuming alak na handog, dugo, at kahoy, ang laman ay maasinan ng maayos, gaya ng laman na inasinan para sa pagiihaw, na ibinabaliktad sa bahagi at asinan ito. Siya na naghahandog ng walang anumang asin, ay papaluin; gaya ng sinabi, "ni huwag mong titiising magkulang sa iyong handog na harina ng asin ng tipan ng iyong Dios:" Ang asin, na kung saan inaasinan nila ang lahat ng mga handog, ay mula sa kapisanan, gaya ng kahoy. Inilalagay nila ang asin sa tatlong mga lugar, sa silid ng asin, at sa pagakyat ng dambana, at sa ibabaw ng dambana: sa silisd ng asin inaasinan nila ang alay ng banal na mga bagay; at sa pagakyat ss dambana kanilang inaasinan ang mga bahagi (ng mga handog); at sa ibabaw ng dambana inasinan nila ng dakot, at ang kamangyan at ang karneng mga handog, na susunugin, at ang susunuging mga handog na mga ibon.

ang asin ng tipan ng iyong Diyos: ito ay may konstitusyon at ito ay may sangkap sa ating pangaraw araw na pamumuhay; ang iyong tipan sa Diyos, ang iyong pangko sa Diyos at sa nais Niya sayo para gawin; sa idinidikta ng Kanyang Salita sayo at ang ibinibigay ng Banal na Espiritu sayo at sinasabi sayo para gawin at kamitin para sa Kanya.

Sa ngayon ang bayan ng Diyos ay hindi na gumagamit ng asin, kundi sila'y gumagamit ng chokolate at asukal binalutan ng mga candies, mga regalo, Christmas tree, Santa Claus, emosyon, pagpapapuri, immoralidad, homosexualidad, at wala ni isang nagsasabi ng katotohanan, kaya kung bakit ang COVID-19 ay sinakop at maraming mga salot ang ipapadala ng Diyos, kung asin ng paguugali at asin na mensahe ay hindi manunumbalik sa ating kalagitnaan.

At bawat alay mo aasinan ng may asin; Ngayon ang Panginoon sa ganito ay walang pagtatangi sa tao, at nangangahulugan dito na ang masama ay sa impierno ay nasa ilalim ng dakilang hustisya at sa ilalim ng poot ng Diyos at paghihiganti; at yaon bilang mga handog sa ilalim ng batas na inasinan ng asin, ang masama na hindi nagsisi at iaalay ang mga bahagi ng kanilang katawan sa Diyos ay aasinan ng apoy mg impierno, at hindi lubos na mawawasak; ngunit mananatiling gising sa impierno sa ilalim ng layunin ng sama ng loob ng Diyos at nagniningas na galit.

Sinabi ni Apostol Pablo, "1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1) Kaya kailangan nating iaalay ang mga bahagi ng ating mga katawan sa Panginoon upang maglinkod sa Kanya at gawin ang Kanyang gawain. Sinabi ni Jesus sa atin na kailangan maging asin ng sanglibutan, na anumang bagay na ating gawin ay magbibigay ng lasa ng asin sa mga salita at mga gawa gaya ng Salita ng Diyos na itinuro sa atin at dapat ay kalakip ng kautusan, at maging handa na pumunta at dakilaan si Cristo at sa Kanyang habag sa mga makasalanan; pamumuhay ng ating buhay at hinihintay makapasok sa masikip na pintuan: handang magdusa para kay Cristo at magpatuloy na gawin ang Kanyang kalooban, at maging estrikto sa pagiingat ng Kanyang Salita. Sa ganoong pangyayari tayo ay tatanggapin.

Ang mga Israelita na ipinadala ng Diyos sa pagptapon na nagkasala laban sa Diyos, ay nagdulot sa kanila sa pagkakawatak watak, ngunit pagkatapos na sila'y nagsisi ibinalik sila ng Diyos. Sinalita ni Isaiah ang tungkol sa kanila kung paano sila'y naibalik. "At kanilang dadalhin ang lahat ninyong mga kapatid mula sa lahat na bansa na pinakahandog sa Panginoon, na nasasakay sa mga kabayo, at sa mga karo, at sa mga duyan, at sa mga mula, at sa mga maliksing hayop, sa aking banal na bundok na Jerusalem, sabi ng Panginoon, gaya ng pagdadala ng mga anak ni Israel ng kanilang handog sa malinis na sisidlan sa bahay ng Panginoon." (Isaiah 66:20) Dito ang mga itinapon na nagsisi , sinabi nila na magdadala bilang isang handog sa Panginoon, "gaya ng pagdadala ng mga anak ni Israel ng kanilang handog sa malinis na sisidlan sa bahay ng Panginoon." Sa gayon, gaya ng handog ng mga Judio ay inasinan ng asin, at naging katanggap tanggap sa Diyos. Tayo na titimplahan ng biyaya ng Diyos ay kailangang ipagtiis ang ating mga sarili mula sa kasamaan ng sanglibutan, upang maging katanggap tanggap ang mga alay at handog sa paningin ng Diyos, at manatiling ligtas sa Kanyang kaharian at kaluwalhatian. Si Jesus ay may paggalang atin, ay mayroong paggalang sa mga banal, sa bayan ng Diyos, na nagkaroon ng buhay na banal, at naging katanggap tanggap na alay sa Kanya; gaya ng tinutukoy na pahayag dito ni Isaiah.

"50 Mabuti ang asin: datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa."(Marcos 9:50) Mabuti ang asin upang gumawa ng pampalasa sa karne, at panatilihing sariwa mula sa katiwalian at bulok; at upang ang biyaya ng Diyos, para timplahan ang puso ng mga tao, gawin ang kanilang buhay na lasang asin at ingatan sila mula sa kasamaan ng kasalanan: at upang ang mga tao'y gagawing kabahagi ng biyaya ng Diyos, upang sila'y maging mabuti at kapaki'pakinabang sa iba, pareho sa kanilang mga salita at mga gawa, at lalo na sa ministerio ng Mabuting Balita, na sila"ang asin ng sanglibutan", tayo'y tinawag upang ingatan ang katuruan ng Salita ng Diyos at ang buhay ng iba, at yaon ay magiging malaking halaga kapag tayo'y nageebanghelyo sa bagong kaluluwa na nangangailangang makilala ang tamang paraan na kailangan nila upang panatilihin ang kanilang buhay at yaon ay dapat makita sa atin. Subalit kung mawala ang kaalatan natin na sinalita ni Jesus tungkol at pinalawak sa atin para magkaroon, sa gayon ano ang halimbawa o patotoo na atin ibibigay sa iba at lalo na sa bagong darating na ating inaabot?

Sinabi ni Cristo sa Kanyang mga apostol, ang Kanyang mga disipolo at kasama tayo sa kanila ngayon: datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Sa gayon ito ay naging mabuti sa wala, maliban sa mga disipolo ay magsisi at magsimulang mamuhay na nais ng Diyos sa kanila upang mabuhay. Kaya't ating maiiugnay iyon ngayon sa Mateo 5:13 "13 Kayo ang asin ng lupa: nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao."

Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, Suriin ang iyong sarili at tingnan kung mayroon kang katuruan ng biyaya, ang Salita ni Cristo, ang pagiingat sa pagsasalita at pakikipagusap, at ang kabanalan ng puso at buhay at ang mabiyayang kaugnayan at pagsasagawa sa iba.

"Ang inyong pananalita nawa'y laging may biyaya, na magkalasang asin, upang inyong maalaman kung ano ang nararapat ninyong isagot sa bawa't isa."(Colosas 4:6) Ang inyong pananalita nawa'y laging may biyaya, na magkalasang asin, na kailangan sundin ang sumusunod:

1. upang magkaroon ng awa sa mga malalang makasalanan.
2. upang patawarin ang mga nagsisisi.
3. upang itaas si Cristo sa ating pangangaral na tumanggap sa mga makasalanang nagsisi, at na gumawa ng mga himala upang tulungan ang Kanyang bayan,
4. upang magbigay ng tiyak na mensahe, batay sa katuruan, pakikipaglaban at pagtuligsa sa mga kasalanan, pagiging mahigpit sa kabanalan, pagsunod sa makipot na pintuan, at ito ang kailangan natin upang ipahayag sa ating pakikipagusap sa mga tao na nasa paligid natin maging sila'y mananampalataya o hindi mananampalataya.

Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin sa pagsusuri sa iyong sarili at tingnan:

• kung ikaw ay hindi kumikilos ng matalino patungo sa kanila yaon ay wala
• kung ginagamit mo ang mga bahagi ng iyong katawan, mga kamay, paa o mga mata para sa maling layunin at malayo sa kalooban ng Diyos
• kung ang iyong paguugali ay mayroong pagmamataas, galit, pagseselos, pagiimbot, pakikipagpaligsahan, pagyayabang o hinahamak ang iba.

at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa; magkaroon ng kapayapaan batay sa Banal na Kasulatan, batay sa ating natutunan mula sa Salita ng Diyos, na ang Diyos ng kapayapaan ay tinawag tayo, ang Mabuting balita ng kapayapaan ay kinakailangan, at ang biyaya ng Diyos na nagtuturo. Magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa na kabilang ang kababaang loob, pagtanggap sa iba, pagpapatawad ng mga kasalanan, at maging malinis mula sa pagmamataas, kayabangan, pagiimbot, pagseselos, pakikipagpaligasahan at galit laban sa iba.

Ang asin ay simbolo ng matatag na pagkakaisa, pagkakaunawaan at pagkakasundo , kaya kung bakit ang tipan ng kapayapaan ay tinawag ng tipan ng asin.

"Lahat ng mga handog na itinaas sa mga banal na bagay na ihahandog ng mga anak ni Israel sa Panginoon, ay aking ibinigay sa iyo, at sa iyong mga anak na lalake at babae na kasama mo, na marapat na bahagi magpakailan man: tipan ng asin magpakailan man sa harap ng Panginoon sa iyo, at sa iyong binhi na kasama mo." (Bilang 18:19) Dito ipinangako ng Diyos na Siya ang magbibigay sa mga pari at sa kanilang mga anak na lalake at babae, sa pagbibigay sa kanila ng bagay na inihandog kung saan ang dibdib at ng kanang balikat ng hayop na inihandog sa Diyos. "32 At ibibigay ninyo sa saserdote na pinakahandog na itinaas, ang hitang kanan sa mga haing inyong mga handog tungkol sa kapayapaan. 33Yaong sa mga anak ni Aaron na naghahandog ng dugo ng mga handog tungkol sa kapayapaan at ng taba, ay mapapasa kaniya ang kanang hita, na pinaka bahagi niya. 34 Sapagka't aking kinuha sa mga anak ni Israel, sa kanilang mga haing mga handog tungkol sa kapayapaan, ang dibdib na inalog at ang hitang itinaas, at aking ibinigay kay Aaron na saserdote at sa kaniyang mga anak, na karampatang bahagi nila magpakailan man, sa ganang mga anak ni Israel. 35 Ito ang nauukol sa pahid na langis ni Aaron at sa pahid na langis ng kaniyang mga anak, sa mga handog na pinaraan sa apoy sa Panginoon, sa araw na iniharap sila, upang mangasiwa sa Panginoon sa katungkulang saserdote; " (Levitico 7:32-35) Ipinangko ng Diyos sa kanila na kasama ng tipan ng asin. Ang tipan ng asin ay kinilala ang tagapagmana niyon habang sila'y gumagawa ng gawain ng Panginoon at pinalaya nila ang kanilang sarili sa ganoong serbisyo. Ang dibdib at kanang balikat ay magiging halos 25% ng buong hayop na inihandog. Ang 25% maari nating kalkulahin ngayon sa paraang: Ang ikapu ay 10% ang unang bunga ay isang buwan na magiging 8.5 % at ang natitirang 6.5 % para sa iba't ibang mga handog at mga panata.

Kaya mauunawaan natin ngayon kapag nawala ang ating kaalatan at kaibahan gaya ng asin ng lupa mawawala ang ating tipan sa Diyos at ang probisyon ng Diyos para sa atin at para sa ating mga pamilya. Kay Cristo tayong lahat ay maharlikang saserdote ayon sa sulat ni Pedro, "Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9) Sa gayon tayong lahat ay kailangan nating maging asin sa lupa sa pakikipagusap, sa paggawa at sa kaugnayan sa isa't isa bilang ang Panginoon ay nagbibigay para sa atin. Kailangan nating maging asin sa lupa hindi para sa kapakanan ng natatanggap sa probisyon ng Diyos ngunit pati na rin upang iwasan ang parusa at ang pagbagsak ng poot ng Diyos at pagsagawa nv Kanyang paghatol sa atin sa impierno kung tayo ay tatanging magsisi at baguhin ang ating mga paraan sa harapan Niya.

Ang tipan ng asin sa kaibahan nito ay kapareho sa tipan ng kapayapaan sa kaibahan nito na ating natanggap mula sa Diyos kapag tayo'y hindi nakipagkompromiso at kapag tayo'y nagbigay ng maalat at malasang mensahe sa sanglibutan na nakapaligid sa atin gaya ng ginawa ni Pinehas sa mga gawa nang Kanyang nilabaan ang immoralidad mula sa kampo ng Diyos at tinanggap ang tipan ng kapayapaan mula sa Diyos. "10At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 11Pinawi ni Phinees na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12Kaya't sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol sa kapayapaan: " (Bilang 25:10--12) Sa parehong paraan tayo 'y tinawag ngayon upang labanan ng isang maalat na mensahe at tiyak na mga gawa ang mga kasalanan ng bayan ng Diyos. Tayo ay tinawag upang labanan:

1. Ang kanilang immoralidad ( pagsasama, panliligaw,paghihiwalay at pagaasawang muli , maraming pagaasawa, pakikiapid, at pangangaluya)
2. Ang kanilang pagsamba sa diosdiosan at ang kapistahan ng mga diosdiosan na kanilang ipinakilala sa simbahan ( Pasko at pagdiriwang ng Bagong Taon, Araw ng mga Puso Araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween, Pagaani Pagdiriwang ng Kaarawan at lahat ng mga kapistahan ng mga diosdiosan.
3. Ang homosexualidad at ang kanilang pangungusinti sa mga transgender na paguugali at mga gawa at ang homosexualidad na pagaasawa.

Ang tipan ng asin sa kaibahan nito ay kagaya sa tipan ng kapayapaan. Ang simulain ng tipan ng kapayapaan sa Bilang 25:10-12 kung saan tinapos ni Pinehas ang kasalanan ng immoralidad sa kampo ng Diyos, at ang simulain ng tipan ng asin sa Bilang 18:19 "Lahat ng mga handog na itinaas sa mga banal na bagay na ihahandog ng mga anak ni Israel sa Panginoon, ay aking ibinigay sa iyo, at sa iyong mga anak na lalake at babae na kasama mo, na marapat na bahagi magpakailan man: tipan ng asin magpakailan man sa harap ng Panginoon sa iyo, at sa iyong binhi na kasama mo." mauunawaan natin ng malinaw ang paalala ng Panginoon "Mabuti ang asin: datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa."(Marcos 9:50)

Sa aking mahal at minamahal: Ang asin at kapayapaan ay magkasama. Ang kayarian ng tipan ng asin at ang tipan ng kapayapaan ay magkapareho at yaon ay kung paano natin iuugnay ito sa sinabi ni Jesus sa Marcos 9:50 "Mabuti ang asin: datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa." Ito rin ay nagtuturo sa atin na dapat tayong magkaroon ng asin sa isa't isa tulad ng inilalaan ng Diyos sa atin at itinutustos sa atin.

Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa.

1. Upang hatulan ang kasalanan.
2. Upang patawarin ang mga makasalanan na nagsisi.
3. Upang magkaroon ng awa na sila'y maaring maligtas sa pamamagitan ni Cristo na maari silang baguhin.
4. Upang maging mahigpit sa katuruan.
5. Upang itaas si Cristo.
6. Huwag makipagkompromiso o pumuri
7. Upang mabuhay ng isang buhay na patotoo na kalakip sa Salita ng Diyos.
8. Ay hindi gamitin ang mga bahagi ng ating mga katawan sa maling mga layunin.
9. Ay hindi magkaroon ng pagmamataas , kayabangan, galit, pakikipagpaligsahan, pagiimbot at pagseselos patungo sa iba.

Taglayin ang asin sa iyong sarili, at magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa. Ang pangaral na ito, ay napaka naaangkop sa pagbanggit ng asin sa iba't ibang pandama; lalo na, ang pagbanggit na ito ay higit na kinakailangan sa mga disipolo sa panahon na iyon at sa atin ngayon, upang malayo mula sa pagmamataas, pakikipagpaligsahan, pagseselos, pagiimbot, galit, pagkamakasarili, kamunduhan, pagibig sa sanglibutan at kawalan ng kababaang loob, dahil kamakailan lamang ay pinagtatalunan nila ang punto sa kanilang sarili, kung sino ang pinaka mataas sa kaharian ng Messiah, "Datapuwa't hindi sila nagsiimik: sapagka't sila-sila ay nangagtalo sa daan, kung sino ang pinakadakila." ( Marcos 9:34) at naging dahilan ng panayam na ito ni Kristo.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong makita ng malinaw ang aking mga kasalanan at maling gawain, at ang paraan na kailangan kong isabuhay at maglingkod sayo upang maging asin sa lupa.

Ipagtapat sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamataas, pakikipagpaligsahan, galit, sama ng loob, pagrereklamo, pagdududa, pagaalala, katamaran, sobrang pagtulog, kamunduhan, mga kaibigang makamundo, ang iyong kawalan ng katapatan, at walang pasasalamat, at pagibig sa salapi, at walang kagustuhan upang magdusa, ang walang kagustuhan na disiplinahin ang iyong sarili sa lugar ng paguugali, katangian, paggastos, sa hindi pagpahintulot ng bunga ng Banal na Espiritu upang makita sa iyong buhay, sa pagpapapuri sa iba, pakikipagkompromiso sa kanila at walang kagustuhang harapin ang mga kasalanan.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Isuko ang iyong buhay at ang iyong buong kalooban sa Panginoon sa pagsunod sa Salita ng Diyos. Maging handang makipagtrabaho kasama ng Diyos upang linangin pa ng higit ang bunga ng Banal na Espiritu upang makita sa iyong buhay.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili sa Salita mong ito na aking natanggap sa mensaheng ito na maging isang mabuting halimbawa sa ibang nakapaligid sa akin na hindi ka nakikilala at mabuhay at upang ipangaral ang tiyak na mensahe ng Iyong Salita. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang magpakumbaba, at upang maging handa na huwag makipagkompromiso o magpapuri, bagkus harapin ang mga makasalanan at tulungan sila na makaalis mula sa kanilang mga kasalanan. Panginoon ako'y makikipagtrabaho sayo upang bumuo ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, pananampalataya, katapatan, kaamuhan, kabutihan at pagiging bukas palad. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magkaroon ng pagibig at kaawaan at pagpapatawad patungo sa mga makasalanan at gawing posible upang dalhin ang iyong pagibig at ang iyong mensahe sa iba. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinahunan upang dalhin ang sakit at kahirapan habang ako'y naglilingkod sayo at inaabot ang iba. Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu at ikunin mo ako ng buong buo para sayo. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ikalat ang iyong Salita at turuan ang mga nagnanais na sumunod sayo.

Panginoon, ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagpakumbaba, tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay para sayo, upang salitain ang iyong Salita, at maging mabuting halimbawa sa iba. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at makaya nilang magtiis na maglingkod sayo habang sila'y handang magebanghelyo, upang magdusa para sayo, upang magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya at upang magtanim ng bagong kongregasyon.

Panginoon pagpalain kami, at tustusan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon ibigay sa amin ang higit pang kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nananalangin na paging dapatin kami na magtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibliya at bagong mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.